# Tingnan Kung Saan Ka Uupo

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant

February 13, 2021

May malaking kaibahan kung saan tayo nakaupo. Napatutunayan ito sa pagpili ng ating upuan sa sinehan, eroplano o kaya'y sa simbahan. Tulad sa Kristyanong buhay natin, gumagawa tayo ng mga desisyon araw-araw – pahihintulutan ba natin ang ating kaluluwa na umupo sa ILALIM o sa IBABAW ng mga nangyayari sa atin? Kung saan natin pauupuin ang ating kaluluwa ay mahalagang usapin, dahil ang ating kaluluwa ay kung ano ang nasa isip, nasa kalooban at nasa emosyon natin. Kaya't nakakaapekto ito sa buo nating pagkatao. Piliin natin ang mga magagandang bagay kung saan natin pauupuin ang ating kaluluwa para ma-enjoy natin ang mga kamangha-manghang mga bagay mula sa Diyos (Fil. 4:8).

**1. Sa Banal na Kasulatan, ang dahilan at ang lugar kung saan sila naka-upo ay makahulugan.**

1.1 …"iginulong ng anghel ng Panginoon ang batong nakatakip sa libingan at naupo sa ibabaw nito**" (**Mt. 28:1-5).

1.2 Sa pinakamalungkot na bahagi ng buhay ni Elijah, naupo siya sa ilalim ng isang puno ng retama at nanalangin (1 Hari 19:3).

1.3 Mga katangian ng Puno ng Retama

- Tumutubo sa tuyong lugar. Kung tayo'y nalulungkot o nasasaktan, baka tayo'y nasa tuyong lugar.
- May mapait na bunga. Ang kapaitan ay hindi namumunga ng maganda. Nakatutulong ito para tayo'y mabuhay ngunit di nakatutulong para tayo'y umunlad.
- May mga sanga na ginagamit sa pagbibigkis. Kung nakaupo tayo sa maling upuan, matatali at makukulong tayo.

**2. Ano ang sinubukang gawin ng kalaban?**

Sinubukan ng kalaban na pigilan tayong maniwala sa Diyos. Uupo ba tayo sa ilalim ng ating pagkakamali na mahirap ng ayusin? Kung saan nakaupo ang ating isip at emosyon, ito'y nakakaapekto sa atin at sa ating pamilya.

3. Iginulong ng anghel ang bato at naupo sa ibabaw nito noong muling nabuhay si Jesus (Mt. 28: 1-2).

3.1 Higit ang kapangyarihan ang nasa ibabaw kaysa sa nasa ilalim.

3.2 Kumakatawan ang bato sa mga nagdudulot sa ating pagkabalisa. Piliin nating mapunta sa ibabaw.

**4. Paano magdedesisyon nang tama araw-araw?**

**4.1 Ituon natin ang ating paningin kay Jesus**. Tiniis Niya ang krus at nakita ang tuwa't galak, at siya'y naluklok sa kanan ng trono ng Diyos (Heb.12:2-3)

**4.2 Tagapagligtas na upuan**

- Nagsusuri ang ating isipang nangangatwiran, habang ang ating isipang emosyon ay namimili kung saan uupo ang ating emosyon. Kung sakaling magkaroon ng negatibong emosyon, sabihin nating, "May nakaupo na, ang pananalig, kapayapaan at pag-asa."
- Ipunin ang lahat nating negatibong emosyon na sumusuway sa Diyos at ilagay sa Kanyang kamay (2Cor. 10:5).

**5. Upuang Ganap**

5.1 Nakikibaka ang mga tao ngayon, dahil matagal na silang nakaupo sa likod, na sa halip ay nakaupo sila sa upuang nasa harap na inilaan ng Diyos para sa atin (Efeso 2:6-8).

5.2 Naglaan ng upuan ang Diyos para sa Kanyang mga anak.

- Naglaan Siya ng upuang magiting sa sundalong si Gideon noong nakaupo siya sa kahinaan.
- Naglaan Siya ng upuan kay Moses noong nakaupo siya sa takot.
- Naglaan ang Diyos ng upuang may nakasulat na "Anak ng Diyos", at dito tayo dapat nakaupo.

**Konklusyon:** Tiniis ng Diyos ang krus para **makaupo tayo sa Kanyang tabi.** Nabayaran na ito para ma-enjoy natin ang mga *perks* ng nakaupo sa harap.

**Pagninilay:**

1. Saan ka nakaupo sa ngayon?
2. Paano ka pumipili ng iyong upuan sa araw-araw mong laban?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:** https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags: #PananaligKapayapaanPag-asa #Pagkabuhay #KabutihanngDiyos #AnakngDiyos